Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA- 26 NG HULYO, 2000, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:30 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. HEIDI S. CIRIACO | ............................ | Pang. Punong Bayan<br>Tagapangulo |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | ............................ | Kagawad |
| Kgg. Florencio C. Odejar | ............................ | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | ............................ | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | ............................ | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon | ............................ | Kagawad |
| Kgg. Ariel T. Magcalas | ............................ | Kagawad |
| Kgg. Jaime Alexander T. Calupiitan | ............................ | Kagawad |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Edgardo T. Porca | ............................ | Kagawad<br>Nasa lakad opisyal |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | ............................ | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor | ............................ | Kagawad |

*KAPASIYAHAN BLG. 247-T'2000*

*KAPASIYAHANG MAPITAGANG HUMIHILING SA KGG. PUNONG LALAWIGAN JOSE D. LINA, JR. SA PAMAMAGITAN NG KGG. PANG. PUNONG BAYAN HEIDI S. CIRIACO NA MAPAGKALOOBAN ANG PAMAHALAANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA NG HALAGANG ISANG DAANG LIBONG PISO (P100,000.00) UPANG MAGAMIT SA PAGSASAAYOS NG DRAINAGE CANAL SA TABI NG PAARALANG ELEMENTARYA NG GATID SA BAYANG ITO.*

*SAPAGKA'T*, may kahilingan ang mga Magulang at Guro ng Paaralang Elementarya ng Gatid (PTA) na tuluyang maisaayos ang drainage canal sa tabi ng naturang paaralan upang maiwasan ang pagbaha sa inner court nito na nagdudulot ng malaking panganib sa kalusugan at pangangalaga ng mga mag-aaral;

*SAPAGKA'T*, walang pondong magagamit para sa pagsasaayos ng naturang kanal;

*SAPAGKA'T*, ang kapakanan ng mga kabataan partikular ang mga batang mag-aaral ang higit na pinag-uukulan ng pansin ng pamahalaan sa kasalukuyan.

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO*, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon, na pinangalawahan at sinang-ayunan ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN:* Na hilingin sa Kgg. Punong Lalawigan Jose D. Lina, Jr. sa pamamagitan ng Kgg. Pang. Punong Bayan Heidi S. Ciriaco na mapagkalooban ang pamahalaang bayan ng Santa Cruz, Laguna ng halagang P100,000.00 upang magamit sa pagsasaayos ng drainage canal sa tabi ng Paaralang Elementarya ng Gatid sa bayang ito.

*INIUUTOS:* Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Lalawigan Jopse D. Lina, Jr., Kgg. Punong Bayan at Barangay Gatid, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

*PINAGTITIBAY.*

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim

NAGPATUTOO: HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan